

MATATAG KURIKULUM: Pananaw ng mga Guro sa Pagbabago ng Kurikulum

Hydia Bayawa¹, Aislinn Tubigon², Vilma L. Pahulaya³, Ferdausia R. Salem⁴

^{1,2}(College of Teacher Education, Western Mindanao State University, Philippines)

^{3,4}(College of Liberal Arts, Western Mindanao State University, Philippines)

ABSTRACT : Curriculum change is a crucial aspect of educational development, and its successful implementation requires consideration of teachers' perspectives. This study focuses on teachers' perceptions of curriculum change and the implementation of "Matatag Kurikulum." It aims to determine teachers' views on implementing "Matatag Kurikulum" based on their readiness and the learning environment. Additionally, it explores whether teachers' perspectives on implementing a "Matatag Kurikulum" differ significantly based on years of service and gender. This study gathered data from thirty respondents using the Curriculum Changes Perceptions Scale, divided into two sub-dimensions: Resistance to Implementation of Curriculum Changes (RICC) and Effect of Curriculum Changes on Teaching-Learning Environment (ECCTLE). The results show that teachers' attitudes toward implementing the new curriculum are barely satisfactory. Teachers are unsure about their readiness to implement the stable curriculum and its impact on the learning environment. Furthermore, gender and years of service have no significant effect on teachers' perspectives. The researchers drew conclusions and recommendations to further improve the study based on the results.

KEYWORDS: *Curriculum, Gender, Perspectives*

ABSTRAK : Ang pagbabago ng kurikulum ay isang mahalagang aspeto sa pagpapaunlad ng edukasyon at upang maging matagumpay ang pagpapatupad nito ay nangangailangang isaalang-alang ang pananaw ng mga guro. Kaya naman ang pag-aaral na ito ay nakatuong malaman ang pananaw ng mga guro sa pagpapatupad ng Matatag Kurikulum batay sa kahandaan ng mga guro at epekto sa kapaligiran ng pag-aaral, at kung mayroon bang makabuluhang pagkakaiba ang pananaw ng mga guro sa pagpapatupad ng Matatag na kurikulum batay sa bilang ng taon sa serbisyo at kasarian. Nagkaroon ng tatlung taga-tugon ang pag-aaral na ito at gumamit ng sarbey kwestyoner na Curriculum Changes Perceptions Scale na nahahati sa dalawang sub-dimensions: Resistance to Implementation of Curriculum Changes (RICC) at Effect of Curriculum Changes on Teaching-Learning Environment (ECCTLE) sa paglikom ng datos. Natuklasan sa pag-aaral na ito na ang antas ng pananaw ng mga guro ay nasa ilalim lamang ng bahagyang pagsang-ayon sa pagpapatupad ng bagong kurikulum, Natuklasan din na walang makabuluhang epekto o pagkakaiba ang kasarian at bilang ng serbisyo sa pananaw ng mga guro sa pagpapatupad ng Matatag Kurikulum. Batay sa naging resulta ay nagbigay ng konklusyon ang mga mananaliksik at rekomendasyon upang mas mapaunlad pa ang nasabing pagaaral.

MGA SUSING SALITA : *Kasarian, Kurikulum, Pananaw*

I. INTRODUKSYON

Ang mundo ay mabilis na nagbabago na kung saan ang mga paaralan at unibersidad ay makasabay sa bagong inobasyon, kinakailangan nitong sumabay sa bilis ng pagbabagong mayroon ang ating lipunan. Ang mga pagbabago sa kurikulum na labis na madalas ay nagdudulot ng maraming palagay na ang pagbabago ng gobyerno ay palaging magreresulta sa pagbabago ng kurikulum (Alhamuddin et al., 2020). Mahalagang makilahok ito sa mga pang-edukasyon at panlipunang rebolusyon. Kaya, ang kasalukuyang kurikulum ng mga paaralan sa Pilipinas ay kinakailangang nakatutok sa matulin na pagbabago sa lipunan at mga bagong responsibilidad para sa mga bagong lahi ng Filipino (Hagos at Dejarne, 2008).

Ang isang hindi napapanahong kurikulum ay nanganganib na magluwal ng mga mag-aaral na walang sapat na kahandaan upang harapin ang mga dinamikong hamon na dulot ng modernong mundo. Ang pagyakap sa pagbabago ng kurikulum ay hindi tungkol sa muling paglikha ng gulong, ito ay ang pagtitiyak na ang pang edukasyong behikulo ay kayang ugitan ang paikot-ikot na daan na dala ng pagbabago (Estrellado, 2023).

Ayon kay Estrallado, (2023) ang ilang pagbabago sa kurikulum ay mabilis at biglaan, maaaring mikro at saklaw ng pambansang antas o maaaring tawaging makro. Ang mga guro, na tumutugon sa pananaliksik sa pagtuturo at nagbabagong mga pangangailangan ng mag-aaral, ay maaaring magdulot ng mga pagbabagong mikro sa paraan ng pagtuturo at mga materyales. Ang mga praktis sa silid-aralan, mga estratehiya sa pagsusuri, at ang pagpapasok ng iba't ibang pananaw ay nagpapakita ng mga adaptasyong mikro na nag-aambag sa dinamikong kalikasan ng edukasyon. Sa Pilipinas, ang mga pagbabagong mikro ay maaaring magpakita sa pagsasama ng lokal na nilalaman sa mga aralin o sa pagpapatupad ng mga makabagong pamamaraan ng pagtuturo. Sa kabilang banda, ang mga pagbabagong makro ay may malawakang epekto, na nakakaapekto sa buong sistema ng edukasyon. Sa Pilipinas halimbawa, ang paglipat sa isang sistema ng K-12 mula sa dating 10-taong batayang edukasyon ay nagpapakita ng isang pagbabagong makro. Layunin ng repormang ito na maisaayos ang sistema ng edukasyon ng bansa sa mga pamantayan ng pandaigdig at globalisasyon, palakasin ang kakayahan sa trabaho ng mga nagtatapos, at tugunan ang matagal nang mga isyu sa sektor ng edukasyon. Marahil, ang mga pagbabagong makro ay madalas na nangangailangan ng pag-aayos sa imprastruktura, pagsasanay ng mga guro, at mga pang-edukasyonal na mapagkukunan upang maisaayos ang pinalawak na saklaw ng kurikulum.

Saksi ang ika-21 siglo sa malaking pagbabagong kasabay ng pag-usbong ng programang K-12, ang pagpapalawig ng 12 taon na basic education, at pagdagdag ng dalawang taon para sa senior high school upang pagtibayin ang kahandaan sa mga gawain o mga kakayahan sa pang-tersaryong antas (Estrellado, 2023). Ang K12 kurikulum ay naglalayong magbigay ng mas malawak at komprehensibong edukasyon sa mga mag-aaral sa loob ng labingdalawang taon, na nagbibigay ng mas malalim na kaalaman at kasanayan sa iba't ibang disiplina bago pumasok sa kolehiyo o iba pang propesyonal na larangan. Kamakailan, sa pagtawid natin sa pagtatapos ng pandemya, ipinakilala ng Pilipinas ang MATATAG kurikulum. Isang reconfigured, decongest na kurikulum na inilunsad noong Agosto 10, taong 2023 sa pamumuno ni bise presidente Sarah Duterte at sekretarya ng Departamento ng Edukasyon (DepEd). Tinukoy ito sa pamamagitan ng pagsasaayos muli ng kasalukuyang kurikulum mula Kinder hanggang ika-12 na baitang. Hindi gaya ng K-12 na kurikulum, ang MATATAG kurikulum ay naglalayong mapadali ang pag-aaral sa pamamagitan ng pagbabawas ng ilang asignaturang mula sa pangkalahatang kurikulum, na nagbibigay ng mas maigting na pagtuon sa pangunahing mga disiplina. Nirepaso ang bagong basic education curriculum at binawasan ng ilang asignatura upang mas pagtuunan ang pagpapaunlad sa foundational skills ng mga mag-aaral sa literacy, numeracy at socio-emotional skills mula kindergarten hanggang ikatlong baitang. Sa pag-aaral ni Saavedra (2020), isa sa persepsyon ng mga guro sa pagpapatupad ng K to 12 na kurikulum, ang pagtanggap ng Mother Tongue bilang isang midyum sa pagtuturo ngunit mananatiling isang asignatura na lamang. Ang MATATAG kurikulum ay naglalayong gawing kaugnay ang kurikulum para sa kakayahan sa trabaho, maging aktibo at responsableng mamamayan, mapabilis ang mga serbisyong pang-edukasyon, itaguyod ang kabutihang panlahat ng mga mag-aaral, at magbigay ng suporta sa mga guro.

Ang kasalukuyang balangkas, Republic Act No. 10533 o ang Enhanced Basic Education Act, nagdagdag ng bilang ng taon ng batayang edukasyon, na nagpasimula ng senior high school (mga baitang 11 hanggang 12) mula 2012 hanggang 2013. Binatikos ng ilang kritiko ang katarungan ng pagbabago, binabanggit ang pagkakasaayos sa mga pamantayan ng pandaigdig at ang dating kalagayan ng Pilipinas bilang isa sa mga bansang hindi sumusunod sa 12-taong siklo ng batayang edukasyon. Sa paglulunsad ng bagong kurikulum, tinukoy ni Bise Presidente at Kalihim ng Edukasyon Sara Duterte ang pagkawala ng kaalaman sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kakayahan ng K-12. Isa sa mga isyu na natuklasan ay ang sobrang dami ng aralin o mga asignatura sa kurikulum, ayon kay Duterte, binibigyang-diin na ang kurikulum ay nangangailangan sa mga guro na ituro ang labis na daming kasanayan sa pag-aaral na may napakaliit na oras na mayroon para sa pagtuturo. Dahil sa mga guro at mag-aaral na labis na pinabigat ng mga aralin at iba pang gawain at aktibidad sa paaralan, sinabi ni Duterte na ang kanilang pagpapamahala sa mga pangunahing kasanayan tulad ng pagbasa at paglutas ng simpleng mga problema sa matematika ay naapektuhan. Sa pag-aaral nina Saavedra & Karanain (2022), nabanggit ng mga mag-aaral na ang paggamit na Mother Tongue sa pagtuturo ay hindi sinasang-ayunan ng karamihan sa mag-aaral lalo na ang mga mag-aaral na hindi nauunawaan ang wikang ginagamit bilang wikang panturo sa paaralan. Mga salik ng pagbabago sa lipunan at pananaliksik na nagtutulak sa pangangailangan para sa pagbabago sa kurikulum. Hindi ito naganap sa isang iglap, tiyak na, ang desisyon na baguhin ay sumailalim sa masusing pag-aaral mula sa isang magkakaibang grupo ng 1,168 mga kasamahan, kabilang ang mga espesyalista ng DepEd, mga guro, kunsultante, mga panlabas na partido, at mga pandaigdigang eksperto (Escuadro, 2023). Ang pagtatanggol ay nagpapakita ng dedikasyon na pagpapabuti ng implementasyon at pagpapatiyak sa kakayahang mag-adjust ng mga mag-aaral sa transpormasyong ito, na binibigyang-diin ang dedikasyon ng komunidad ng edukasyon sa mga politikal na motibo.

Ang pagbabago sa kurikulum ay magiging matagumpay lamang kung ang pananaw at ideya ng mga guro ay isasaalang-alang. Kung hindi, ay maaaring magpapatuloy ang mga nakakubling kaganapan sa loob ng silid-aralan na maaaring magresulta ng mapanlinlang na pampublikong gawain bilang bunga ng pagbabago at pagaaksaya lamang ng panahon (Handal at Herrington, 2003). Ang mabilis na pagbabago sa pag-unlad ng

kurikulum ay hindi rin sinasamahan ng paggalugad sa kanyang pilosopikal na pundasyon, na siyang batayan para ipakita ang direksyon at layunin ng edukasyon. Ang mga problema ay nagiging bagong hamon, lalo na para sa mga guro. Kailangang muling pag-aralan ng mga guro ang bagong kurikulum nang mag-isa o kolektibo (Hung, 2021). Ayon naman kina Tanriverdi at Apak (2016), ang mga guro ay nag-aral at nagtapos batay sa kanilang pilosopiyang pang-edukasyon na magagamit nila sa kanilang propesyon. Ang kanilang oryentasyon sa kurikulum ay parehong magkaugnay sa layunin ng edukasyon, sa relatibong kahalagahan ng paksa, at kung paano ang interaksyon ng mga guro at mag-aaral. Bilang ang mga guro ay isa sa mga salik na lubhang maaapektuhan ng pagbabago sa kurikulum, nilayon ng mga mananaliksik na pag-aralan ang kanilang pananaw sa paniniwalang ang resulta ng pag-aaral na ito ay maaaring mapagkunan at maging basehan ng mga tagapagpatupad o tagapagbago ng kurikulum upang matiyak na ang mga pagbabagong gagawin sa patakaran at programa sa edukasyon ay naaangkop at epektibo para sa lahat ng mga sangkot na partido.

II. MGA TANONG

Ang mga mananaliksik ay naglalayong sagutin ang mga sumusunod;

1. Ano ang pananaw ng mga guro sa pagpapatupad ng Matatag na kurikulum?
2. Ano ang pananaw ng mga guro sa pagpapatupad ng Matatag na kurikulum batay sa:
 - 2.1. Kahandaan ng mga guro
 - 2.2. Epekto sa kapaligiran ng pag-aaral
3. Mayroon bang makabuluhang pagkakaiba ang pananaw ng mga guro sa pagpapatupad ng Matatag na kurikulum batay sa:
 - 3.1. Bilang ng taon sa serbisyo
 - 3.2. Kasarian

III. BATAYANG TEORETIKAL

The Teoryang Self-efficacy ni Bandura

Sinasaad sa teorya ni Bandura mula sa kaniyang pag-aaral na pinamagatang Self-efficacy: Toward a Unifying theory of Behavioral change noong taong 1977, Ipinapaliwanag na ang Self-efficacy ng isang tao ay nakaiimpluwensya sa kaniyang pag-uugali. Halimbawa ng pag-uugaling ito ay kapag ang isang tao ay mayroong kumpiyansa sa kaniyang kakayahan sa pagtakbo, siya ay sasali sa paligsahan sa pagtakbo. Kung saan ang tao naman na walang kumpiyansa sa kakayahan niya sa pagtakbo ay hindi maiisipang sumali sa kahit anong paligsahan sa pagtakbo. Pinapaliwanang nito na ang Self-efficacy ay may mahalagang gampanin sa kung papaano pumili ng landas na tatahakin ang isang indibidwal.

Sa ibang larangan naman, ang Self-efficacy ay tumutukoy sa pananaw ng isang tao tungkol sa kaniyang sarili at abilidad na magawa ang kaniyang trabaho. Sa pagtuturo, ang bisa ng isang guro ay maaaring impluwensiyahan ang kaniyang abilidad sa pagganap ng trabaho, pag-abot ng layunin, at pag-impluwensiya sa pagkatuto ng kaniyang mga mag-aaral (Pas, Bradshaw, Hershfeldt, at Leaf, 2010).

Sinabi ng mga mananaliksik na ang mga guro na may mas mataas na self-efficacy ay mas bukas sa mga konsultante na nagdadala ng bagong mga ideya at estratehiya at mas handa na ipatupad ang mga ito (Pas et al., 2010). Isang pag-aaral ang isinagawa ni Pas et al. (2010) na sinusukat ang self-efficacy ng guro at burnout na may kaugnayan sa disiplina ng mga mag-aaral, tulad ng pagpapasa sa punong-guro, suspensyon, at pagpapasa para sa koponan ng suporta sa mga mag-aaral. Samakatuwid, ang mga guro na may mas mataas na self-efficacy ay maaaring mas mahusay sa pakikitungo at pagpapatupad ng pagbabago sa kurikulum habang pinananatili at maging pinapabuti pa ang mga akademikong marka. Sa konteksto ng pagbabago ng kurikulum, ang pagkakaroon ng mataas na antas ng self-efficacy sa mga guro at estudyante ay maaaring magdulot ng positibong epekto sa pagtanggap at pagpapatupad ng bagong kurikulum.

Kapag ang mga guro ay may mataas na antas ng self-efficacy, mas malamang na sila ay magiging masigasig at determinado na maisagawa ang mga bagong pamamaraan at mga bagong konsepto na kasama sa bagong kurikulum. Kaya't ang teoryang self-efficacy ay maaaring maka-impluwensiya sa pananaw ng mga guro sa pagbabago ng kurikulum dahil maaaring makaapekto ito sa pagtanggap, pagpapatupad, at tagumpay ng mga indibidwal sa pag-aaral at pagtuturo ng bagong kurikulum.

Teoryang Constructivism ni Piaget

Ang konsepto ng Constructivism ay bumase sa mga pananaliksik ni Piaget (1964), kung saan ipinapakita na ang mga tao ay nagbuo ng kanilang mga kaalaman at pang-unawa sa pamamagitan ng kanilang mga sariling karanasan at hindi lamang sa pasibong pagtanggap ng impormasyon mula sa labas. Ang kanyang mga konsepto at pananaliksik ay nagbigay-daan sa pag-unlad ng teoryang Constructivism sa larangan ng edukasyon at sikolohiya. Ang teoryang Constructivism ay maaaring maiugnay sa pag-aaral tungkol sa pananaw ng mga guro sa pagbabago ng kurikulum sa pamamagitan ng pagbibigay-diin sa kahalagahan ng pagpapakilos ng mga mag-aaral sa kanilang sariling pagkatuto.

Ayon sa konseptong Constructivism, ang mga mag-aaral ay bumubuo ng kanilang kaalaman at pang-unawa sa pamamagitan ng aktibong paglikha ng kanilang sariling kasanayan at kaalaman sa halip na pasibong tinatanggap ang impormasyon mula sa guro. Sa konteksto ng pagbabago ng kurikulum, ang mga guro na may pananaw ng Constructivist ay maaaring tumutol sa mga tradisyonal na modelo ng pagtuturo na nakatuon lamang sa pagtuturo ng mga konsepto at kaalaman nang direkta. Sa halip, maaaring ituring ng mga guro ang pagbabago ng kurikulum bilang pagkakataon upang magbigay ng mga aktibong karanasan sa pag-aaral sa mga mag-aaral, kung saan sila ay mahikayat na makibahagi sa pagbuo ng kanilang sariling kaalaman at pang-unawa. Sa gayon, ang teoryang Constructivism ay maaaring maging isang batayan para sa mga pananaw ng mga guro sa pagbabago ng kurikulum na nakatuon sa pagpapalakas ng aktibong papel ng mga mag-aaral sa kanilang sariling pagkatuto.

Ang teoryang Constructivism ni Piaget ay may kaugnayan sa pananaw ng mga guro sa pagbabago ng kurikulum sa pagkat nagpapalagay ito na ang tao ay aktibong konstruktibong nagtatayo ng kanyang kaalaman at pang-unawa sa pamamagitan ng karanasan at interaksyon sa kanyang kapaligiran. Sa konteksto ng pagbabago ng kurikulum, ang teoryang ito ay maaaring magdulot ng impluwensiya sa pananaw ng mga guro.

IV. MGA KAUGNAY NA LITERATURA AT PAG-AARAL

Ang pananaw nina McMillan at Schumacher (2006) ay ang pagsusuri ng kaugnay na literatura “ay nagbibigay-liwanag sa kaugnay na literatura upang mapahusay ang pag-unawa ng isang mambabasa mula sa pagaaral.” Sinasabi naman ni Johnson at Christensen (2004) na ang pangkalahatang layunin ng pagsusuri ng kaugnay na literatura ay upang magbigay ng pang-unawa sa kasalukuyang kalagayan ng kaalaman tungkol sa napiling paksa ng pag-aaral. Sa ganitong paraan maaaring tingnan ang pagsusuri ng literatura bilang pag-aaral ng mga dokumento para sa impormasyon kaugnay ng paksa ng interes upang mapalawak ang pag-iisip sa mga partikular na isyu na may kaugnayan sa paksa ng pag-aaral. Sa pag-aaral na ito, sinusuri ng mananaliksik ang mga kaugnay na literatura ukol sa epekto ng mga pagbabago sa kurikulum sa mga guro sa Pilipinas.

Ayon kina Lovat at Smith (2003), ang anumang pagbabago ay nangangahulugang pagpapalit ng “dati” sa “bago”. Ang mga taong ang interes ay nasa pagpapanatili ng “dating” ay maaaring asahan na gagawin ang lahat upang panatilihin ito. Ang mga taong ang interes ay nasa “bago” ay maaaring asahan na gagawin ang lahat upang itaguyod ito. Ang mga pagbabago sa kurikulum ay nagbibigay ng mas malaking diin sa paggawa o pagiging iba mula sa dati o dating kalagayan ng kurso ng pag-aaral sa isang partikular na institusyon. Sinasabi nina Steyn at de Waal (2001) na ang mga kurikulum ay kumakatawan sa iba’t ibang mga programa at mga pagkakataon sa pagaaral o mga programa sa pagtuturo na maaaring magbigay ng mga pangangailangan sa edukasyon ng target na grupo. Ito ay nangangahulugang mahalaga para sa kurikulum ng mga paaralan na magbago upang matugunan ang pangangailangan ng target na grupo, partikular ang mga mag-aaral sa South Africa pagkatapos ng 1994.

1.1 Pagbabago ng Kurikulum

Ayon sa pag-aaral ni Kessler-Hopek (2019) patungkol sa “Curriculum Change: A Study on Teacher Perceptions of Curriculum Change on Content Standards” Ang pagbabago sa kurikulum ay nagaganap ng napakabilis. Ang mga pagbabago sa kapaligiran ng trabaho ng mga guro ay maaaring magkaroon ng epekto sa kanilang pagtingin sa kalidad ng kanilang trabaho, at ang mga pananaw na ito ay maaaring makaapekto sa antas ng stress. Itinaguyod ni Kessler-Hopek (2019) na pag-aralan ang mga pananaw ng mga guro at ang epekto ng pagbabago sa kurikulum ng mga pamantayan ng nilalaman sa mga guro sa pag-aaral sa mga kasanayan sa silid-aralan. Ang pag-aaral na ito ay naglalayong alamin kung papaano nakaiimpluwensiya ang pagbabago ng kurikulum sa pananaw ng mga guro.

Upang mapag-aralan kung papaano naiimpluwensiyahan ng pagbabago sa kurikulum ang pananaw ng mga guro at epekto nito sa paraan ng pagtuturo sa loob ng silid-aralan, sinuri ni Kessler-Hopek (2019) ang dalawang piling grupo ng mga guro sa isang sekundaryang paaralan sa Western Georgia. Ang mga kalahok ay napili batay sa boluntaryong basehan at bawat isa ay mayroong limang taong karanasan sa pagtuturo at nakaranas nan g pagbabago sa kurikulum. Ang instrumentong ginamit ng mananaliksik sa pag-aaral ay isang pinag-samang metodo mula kay Cheng (2012) na kung saan ang mananaliksik ay nagsagawa ng surbey sa mga kalahok bago nagsagawa ng pakikipanayam. Ang surbey ay nabuo gamit ang Qualtrics Software, Qtrial 2018, isang web-based na plataporma at ginawa ang distribusyon ng surbey sa mga guro sa pamamagitan ng Email link.

Ang resulta ng pag-aaral ay naglalahad na karamihan sa mga kalahok ay walang kinikilingan, ito ay maaaring indikasyon na kahit magbago man ang isang kurikulum ay kaya paring makipag-sabayan ng mga guro sa pagbabagong ito ngunit iilan sa mga guro ay binigyang diin ang pagkakaroon nila ng iba pang isyu katulad ng Stress, dami ng Gawain, at pagbabago sa paghahanda sa pagtuturo kasabay ng pagbabago ng kurikulum. Ipinahiwatig ni Kessler-Hopek (2019) na ang pagkakaroon ng malinaw na mga inaasahan ay maaaring magdulot ng positibong pagtaas ng pananaw ng mga guro sa pagbabago ng kurikulum at pagbaba naman ng stress at dami ng gawain. Batay sa mga salik na nakaaapekto sa mga guro sa pagbabago ng

kurikulum, ang mga guro ay nabigyan ng kaalaman tungkol sa kung papaano ang pagbabago ng pamantayan ay nakapagpapataas ng kanilang pagiging produktibo at pagtaas ng kanilang stress, at sa pamamagitan ang kaalamang ito ay makatutulong sa pagpapatupad ng bagong kurikulum. Sa Pilipinas, naging mahirap ang pagpapatupad ng bagong kurikulum sapagkat sinabayan pa ito ng pandemya. Kaya ganoon na lamang ang iba't ibang estratehiya ng mga guro upang maituro nang maaayos ang mga aralin nang hindi nakakaranas ng stress ang mga mag-aaral. Gaya na lamang ng pag-aaral nina Saavedra, Alejandro at Saavedra (2022), gumamit ang mga guro nang estratehiyang naaayon sa panahon sa tulong ng teknolohiya upang ang pagtuturo ng pananaliksik ay maitawid pa rin nang maayos.

Ang pag-aaral na ito ay nakapokus sa pananaw ng mga guro sa pagbabago ng kurikulum kung saan naipaliwanag batay sa resulta na nakakapagdulot ito ng dagdag na stress at dami ng gawain para sa mga guro at nakakapagdulot naman ng positibong pananaw dahil sa pagbabago ng kurikulum ay mas naging malinaw ang mga inaasahan at ang naging pag-aaral ay isinagawa sa mga piling grupo ng mga guro sa sekundarya ng Western georgia. Ang kaugnayan ng pag-aaral na ito sa kasalukuyang pag-aaral ay pareho itong naglalayong alamin ang pananaw ng mga guro sa pagbabago ng kurikulum ang kaibahan lamang ay ang napiling mga kalahok sa pagaaral ni Kessler-Hopek (2019) ay mga guro mula sa Sekundarya ng Western Georgia, samantala ang kasalukuyang pag-aaral ay naglalayong malaman ang pananaw ng mga guro sa Elementarya sa pagbabago ng kurikulum partikular sa Matatag Kurikulum. Ang mga mananaliksik ay naglalayong malaman kung ano ang pananaw ng mga guro sa pagbabago ng kurikulum sa kanilang paraan at kagamitan sa pagtuturo. Sa pamamagitan ng pag-aaral ni Kessler-Hopek (2019) ay maaaring malaman ang kaibahan o pagkakatulad ng pananaw ng mga guro sa pagbabago ng kurikulum sa Sekundarya ng Western Georgia at mga piling guro sa Elementarya ng lungsod ng Zamboanga.

1.2 Pananaw ng mga guro sa pagbabago ng kurikulum sa Indonesia

Ayon sa Pag-aaral nila Ihsana El Khuluqo et al. (2020) patungkol sa "Teacher's Perceptions of Curriculum Changes in Indonesia" Maraming pagsasaliksik ang nagpapahayag na ang mga guro ang susi sa tagumpay ng pagbabago sa kurikulum (Kirk & McDonald, 2001) (Little, 1993) (Spillane, 1999). Ang kanilang kaalaman, paniniwala, at pananaw ay naglalaro ng mahalagang papel sa pagpapatupad ng epektibong mga pagbabago (Little, 1993). Sinasabi na ang pagtugon sa pagbabago ay isang pakikilahok na aksyon para sa mga guro sa personal, kolaboratibo, at pangmatagalang anyo. Umaasa ang mga institusyon na ang mga guro ay makakatanggap at magpapatupad ng kurikulum batay sa mga pamamaraang itinakda ng mga tagapagpaunlad. Ibig sabihin nito ay bumubuo ang mga guro ng kanilang sariling kahulugan at pananaw kapag inilunsad sa kanila ang pagbabago sa bagong kurikulum. Sinasabi ni Minjeong & Youl (2013) na ang mga guro na tumatanggap sa pagbabago ng kurikulum ay magkakaroon ng mga kahihinatnan kapag tinangka itong ipatupad sa klase. Inaakala na ang pananaw ng mga guro ay ang kanilang sariling perspektibo sa kung paano kasangkot ang isang tao sa mga praktika sa pedagohiya. Samakatuwid, sa pamamagitan ng pag-unawa sa kung ano ang iniisip ng mga guro bilang layunin sa pagbabago ng kurikulum ay napakahalaga sa tagumpay ng kurikulum (Bongani, 2010). Ayon sa Pag-aaral nila Ihsana El Khuluqo et al. (2020) ang pagbabago ng kurikulum ay maikli lamang na ipinaliliwanag ang kasalukuyang mga trend sa pagbabago ng kurikulum at nagbibigay ng ilang mga dahilan sa likod ng kanilang mga resulta at pagtanggap ng konteksto ng pagbabago sa kurikulum sa Timog Africa. Sa Indonesia, ang pagbabago ng kurikulum sa top down na formula ay laging inuumpisahan ng pampublikong pagsubok at sinusundan ng patakaran ng pamahalaan, patuloy sa sosyalisasyon, at sa huli ang proseso ng pagpapatupad at pagsusuri. Ang edukasyon sa Indonesia ay naranasan din ang pagbabago ng kurikulum mula sa KTSP Curriculum (bottom up) patungo sa 2013 Curriculum (top down).

Ang disenyo ng metodolohiya sa pagsasaliksik na ito ay nagpapakita ng kwalitatibong pamamaraan sa pagsasagawa ng pagsusuri ngunit ang layunin ay malaman parin ang mga pananaw mga guro sa pagbabago ng kurikulum sa pamamagitan ng pagbibigay ng mga tanong sa 10 guro at 10 punong guro ng paaralan. Ang pagsasaliksik na ito ay isinagawa sa 10 antas ng elementarya at sekundarya sa Jakarta. Sa pagsasaliksik na ito, ang koleksyon ng datos ay isinagawa ng dalawang beses, Pagkatapos ng unang pagsasagawa ang instrumento ay ibinigay sa mga respondent at tinitingnan ng mga mananaliksik ang mga sagot mula sa mga kalahok. Bukod dito, nagbibigay ang mga mananaliksik ng karagdagang mga tanong sa mga kalahok sa ikalawang pagkakataon upang linawin at palalimin ang mga tanong at sagot mula sa mga kalahok. Tinatanong ng mga mananaliksik ang mga opinyon ng mga kalahok tungkol sa pagbabago ng Kurikulum ng KTSP patungo sa Kurikulum ng 2013, kung paano harapin ang mga problema sa pagpapatupad ng Kurikulum ng 2013. Mayroon bang mga pagsasanay sa pagbabago ng Kurikulum ng 2013 at paano ang paghahanda ng mga guro sa pagbabagong kurikulum.

Ang mga natuklasan mula sa pagsasaliksik na ito ay nagpapakita na ang pananaw ng mga guro at punong guro ng paaralan ay nagpapakita ng mga problema sa paligid ng pagbabago ng kurikulum. Mas nakatuon ito sa implementasyon mula sa pagbabago ng kurikulum na labis na kulang sa distribusyon sa implementasyon nito, maging ang sosyalisasyon sa mga paaralang gagamit ng kurikulum na nagsisimula mula sa pag-unlad ng administrasyon ng pag-aaral (silabus, plano ng aralin, taunang programa, at semestral na

programa), mga modelo ng pag-aaral na ginagamit sa bagong kurikulum, modelo ng pag-aaral na binubuo ng mga aspeto ng kognitibo, pangdamdamin, at psychomotor, lalo na ang paglikha ng rubrik ng marka. Bukod dito, napakahalaga na ang bagong kurikulum na ito ay magamit nang maayos sa pamamagitan ng patuloy na pagsusuri at patuloy na paghahanda tuwing nakakaranas ito ng mga problema sa operasyon nito. Gayunpaman, ang mga kritiko kaugnay ng proseso ng implementasyon ay nagpapakita na ang pagsasalin ng kurikulum na tematiko ay hindi sapat bagaman sa pangkalahatan, ipinapakita ng mga guro ang kanilang kasiglahan sa pagbabago ng bagong kurikulum. Sinasabi ng mga guro na ginagawa nila ang kanilang makakaya upang subukan ang pagpapatupad ng bagong kurikulum na may kaakibat na responsibilidad at maaasahan.

Ang Pag-aaral nila El Khuluqo et al (2020) naglayong Ilahad ang edukasyon sa Indonesia at ang karanasan nila sa pagbabago ng kurikulum mula sa KTSP Curriculum (bottom up) patungo sa 2013 Curriculum (top down). Kung saan Ang mga natuklasan mula sa pagsasaliksik na ito ay nagpapakita na ang pananaw ng mga guro at punong guro ng paaralan ay nagpapakita ng mga problema sa paligid ng pagbabago ng kurikulum. Ang kaugnayan ng pag-aaral na ito sa kasalukuyang pag-aaral ay parehong may transition na naganap sa kurikulum ang pag-aaral nila El Khuluqo et al (2020) ay inilahad ang transition ng edukasyon ng Jakarta mula sa KTSP Curriculum (bottom up) patungo sa 2013 Curriculum (top down) at ang kasalukuyang pag-aaral naman ay naglalayong malaman ang pananaw ng mga guro sa transition mula k-12 Curriculum patungo sa k-10 Matatag Curriculum ang kaibahan sa pag-aaral ng mga mananaliksik ay ang kalahok nila El Khuluqo et al (2020) ay mga guro mula sa Elementarya at Sekundarya ng bansang Jakarta at ang paraan ng paglikom ng mga datos.

1.3 Pananaw ng mga Pilipino sa pag-rebisa ng kurikulum

Ayon sa pananaliksik nila Guzman et al. (2022) patungkol sa “Accessing Filipino Perceptions of the Revised K to 10: Curriculum: A Comparative Study Between Teachers, Parents, and Students” Ang edukasyon ay ang pasaporte patungo sa hinaharap, sapagkat ang bukas ay para lamang sa mga handang maghanda para dito ngayon (University of Pacific, 2022). Ang de-kalidad na edukasyon ay ang pundasyon ng tagumpay ng bansa, kaya’t ito ang pangunahing prayoridad ng gobyerno. Sa pamamagitan ng serye ng mga reporma, nanguna ang Pilipinas sa pagtatag ng kasalukuyang sistema nito, na hango sa mga kurikulum ng edukasyon sa Amerika (Future Learn, 2021). Bukod sa masiguradong makasasabay sa mga pagbabagong nagaganap sa mundo, nararapat ding tiyakin na ang bagong kurikulum ay makatutulong sa paglinang ng suliranin sa literasi ng mga mag-aaral. Ang suliraning ito ay nararanasan sa Pilipinas kung saan ang bansa ay kabilang sa mga bansang nasa mababa ang antas ng literasi. Ipinakita sa pag-aaral ni Saavedra (2020) na ang kasanayang pasalita at pasulat ng mga mag-aaral at hindi pa sapat upang masabing may kahusayan na ang mga mag-aaral. Kaya isa ito sa kinakailangang pagtuunan ng pansin ng tagabalangkas ng bagong kurikulum.

Gayunpaman, kamakailang balita ng isa pang reporma ang nag-aalala sa mga tao hinggil sa kakulangan ng bansa sa imprastruktura at mga mapagkukunan at mataas na antas ng kawalan ng kaalaman (Banzuelo, 2020). Sa mga plano ng gobyerno na kumilos laban sa mga problemang ito, inilunsad ng Kagawaran ng Edukasyon (DepEd) ang K-10 curriculum o MATATAG Program, na tumutukoy sa “Gawing kaugnay ang kurikulum upang makalikha ng mga mamamayan na handang magtrabaho, aktibo, at responsible; Maglakbay sa mga hakbang upang mapabilis ang paghahatid ng mga pangunahing serbisyo sa edukasyon at pagbibigay ng mga pasilidad; Pangalagaan ang mga mag-aaral sa pamamagitan ng pagpapalaganap ng kagalingan ng mag-aaral, inklusibong pag-aaral, at positibong kapaligiran sa pag-aaral; at Magbigay ng suporta sa mga guro upang magturo nang mas mahusay” (Opisina ng Pangulo ng Komunikasyong Pampangulo, 2023). Sa kasalukuyan, may 35 paaralan na kasali sa programa na nagsimula noong Setyembre 25, 2023 (Daguno-Bersamina, 2023).

Ang layunin ng pag-aaral na ito ay malaman at masuri ang pananaw at perspektibo ng mga guro, magulang, at mag-aaral dahil maaari itong magkaroon ng mabuting benepisyo para sa mga susunod na mananaliksik, sektor ng edukasyon at stakeholders. Layunin ng mga mananaliksik na matukoy ang pananaw ng mga pilipino sa rebisyon ng k-10 kurikulum at ang pagkakaiba ng mga pananaw ng mga guro, magulang, at mag-aaral sa pag rebisa nito.

Ang disenyo ng pananaliksik ay Isang kwantitatibo na cross-sectional na kung saan kukunan ng datos ang mga napiling kalahok sa isang tiyak na punto sa panahon batay sa mga nakatakdang kriterya. Ang paraang ito ay hindi nababago ng mga baryabol kundi nagbibigay ng mga pananaw sa mga isyu (Cherry, 2022). Bukod dito, mahalaga ang pagkuha ng isang nakasulat na pahintulot sa pamamagitan ng isang liham na pinagtibay ng kanilang guro upang isagawa ang pagsasaliksik sa legal na paraan. Ang paraan ng pagkuha ng datos ay gagamit ng isang sariling surbey na mayroong 20 tanong na nakabase sa isang 5-likert scale. Pagkatapos, ang datos ay statistikong inalisa gamit ang JASP at Microsoft Excel.

Ang naging resulta ng pananaliksik ay hindi kumpleto dahil maliit lamang ang populasyon ng surbey at may mga talatanungan na hindi naibalik sa mga mananaliksik. Dapat rin isaalang-alang na ang surbey ay sa Metro Manila lamang naisagawa. Ang pag-aaral ay nagsilbing daan para sa iba’t ibang sektor sa pagbibigay-diin sa mga pangangailangan ng edukasyon sa Pilipinas. Maaaring gamitin ng mga susunod na mananaliksik ang kasalukuyang pag-aaral upang higit pang kolektahin at palakasin ang ating pag-unawa sa kung paano

lumikha ng mas malaking epekto tungo sa pagpapabuti ng sistemang edukasyonal sa loob ng Pilipinas. Bukod dito, maaaring gamitin ng pagsasaliksik na ito upang mapaniwala ang mga opisyal ng gobyerno upang alisin ang mga kasalukuyang isyu at magpatuloy sa patuloy na pagpapaunlad at pagpapabuti sa kasalukuyang kalagayan ng ating bansa sa pamamagitan ng pagbibigay prayoridad sa edukasyon.

Ang layunin ng pag-aaral na ito ay malaman at masuri ang pananaw at perspektibo ng mga guro, magulang, at mag-aaral at Ikumpara ang kanilang mga pananaw sa pagbabago ng kurikulum. Bagama't ang kasalukuyang pag-aaral ay nakapokus lamang sa pananaw ng mga guro sa pagbabago ng kurikulum, ang naging pag-aaral nila Guzman et al (2022) ay may kaugnayan sa kasalukuyang pag-aaral dahil ang pag-aaral ay tinalakay ang Matatag Kurikulum at ipinaliwanag ang layunin nito at kung bakit kailangan itong ipatupad. Ang kaibahan naman nito sa kasalukuyang pag-aaral ay ang mga mananaliksik ay naglalayong mas tugunan ng pansin ang pananaw ng mga guro sa Elementarya sa pagbabago ng kurikulum at pagpapatupad ng Matatag Kurikulum. Ang dating pag-aaral ay isinagawa lamang sa Metro Manila kaya't hindi naging kumpleto at komprehensibo ang resulta samantala ang kasalukuyang pag-aaral ay isasagawa sa lungsod ng Zamboanga.

1.4 Pananaw batay sa mga salik

Ayon kay Aytac (2023) sa kaniyang pag-aaral sa paksang "A study on Teachers' Perceptions of Curriculum Changes" Ang opinyon ng mga guro tungkol sa pagbabago ng kurikulum ay maaaring magbigay ng iba't-ibang palatandaan sa mga awtoridad na nagsasagawa ng polisiyang pang-edukasyon. Ang pag-aaral ni aytac (2023) ay naghahangad na masuri ang pananaw ng mga guro sa pagbabago ng kurikulum batay sa iba't-ibang salik gaya ng kasarian, lokasyon, tagal sa serbisyo, at uri ng paaralang pinagtatrabahuan.

Ang pag-aaral na isinagawa ni Aytac (2023) ay isang kwantitatibong pag-aaral na isinagawa sa pamamagitan ng instrumentong ginamit at pinaunlad nina Kayır and Toraman (2021). Sinuri ni Aytac (2023) ang 349 na mga guro mula sa isang lungsod sa Turkey sa pagtatapos ng semestre ng akademikong taong 2022-2023.

Ayon sa mga resulta ng pag-aaral, habang ang mga marka ng mga guro tungkol sa pag-unawa sa mga pagbabago sa kurikulum ay nasa ibabaw ng average sa sub-dimensyon ng Pagtutol sa Pagbabago sa Kurikulum sa Implementasyon (RCCI), ito ay nasa ibaba ng average na halaga sa Epekto ng mga Pagbabago sa Kurikulum sa Kapaligiran ng Pagtuturo-Pag-aaral (ECCTLE). Sa ibang salita, maaaring sabihin na hindi tinatanggap ng mga guro ang mga pagbabago sa kurikulum at samakatuwid ay hindi umaasa sa pagpapatupad ng mga pagbabagong ito. Sinuri din kung mayroong malaking pagkakaiba ang mga pananaw ng mga guro sa pagbabago ng programa ayon sa kasarian. Ayon sa mga resulta ng pag-aaral, natuklasan na hindi gaanong magkaiba ang mga pananaw ng mga guro sa pagbabago ng kurikulum ayon sa kasarian. Sa ganitong konteksto, maaaring sabihin na ang salik ng kasarian ay hindi epektibo sa mga pananaw ng mga guro sa pagbabago ng kurikulum. Katulad na resulta ang nakuha sa pag-aaral ni Kayır at Toraman (2021). Sa pag-aaral din ni Saavedra (2018), isa pa sa salik sa pagtuto ng mga mag-aaral ang kahinaan sa paggamit ng teknolohiya. Kaya inirerekomenda ang inkorporasyon ng paggamit ng teknolohiya sa bawas silid-aralan.

Batay sa pag-aaral, natukoy na ang mga guro ay hindi gustong ipatupad ang mga pagbabagong ginawa sa mga kurikulum. Dagdag pa, sa tingin ng mga guro na ang mga pagbabagong ito ay hindi nakabubuti sa kapaligiran ng pag-aaral at pagtuturo.

Ang isinagawang pag-aaral ni Aytac (2023) ay may kaugnayan sa kasalukuyang pag-aaral dahil ang pananaliksik ay naghahangad na masuri ang pananaw ng mga guro sa pagbabago ng kurikulum batay sa iba't-ibang salik gaya ng kasarian, lokasyon, tagal sa serbisyo, at uri ng paaralang pinagtatrabahuan at ang ilang mga salik na nabanggit ay talakayin rin sa kasalukuyang pag-aaral kung ano ang kinalaman nito sa pananaw ng mga guro sa pagbabago ng kurikulum. Batay sa resulta ng pag-aaral ni Aytac (2023) ay hindi nagkakaiba ang pananaw ng mga guro batay sa kasarian kaya't ang pagkakaiba ng pag-aaral ni Aytac (2023) sa kasalukuyang pag-aaral ay hindi lamang bibigyang pansin sa pag-aaral ang pagkakaiba ng pananaw ng mga guro sa pagbabago ng kurikulum batay sa kasarian dahil nais ng mga mananaliksik ang mas malawak na Pag-unawa sa pagkakaiba ng pananaw ng mga guro sa katagalan nila sa serbisyo dahil hindi lahat ng guro ay kayang mag adjust at adapt sa mga pagbabago sa paraan at kagamitan sa pagtuturo. Ang pag-aaral ni Aytac (2023) ay kinakailangan ng maraming kalahok kung saan sinuri ang 349 na mga guro mula sa isang lungsod sa Turkey samantala ang kalahok ng kasalukuyang pag-aaral ay mga guro sa Elementarya ng lungsod ng Zamboanga.

V. METODOLOHIYA

Sa bahaging ito, tinatalakay ang mahahalagang impormasyon patungkol sa pagkakabuo ng plano sa pananaliksik. Maging ang deskripsyon ng disenyo ng pananaliksik, mga kalahok, at ang instrumentong gagamitin.

1.1 Disenyo ng pananaliksik

Ang pag-aaral na ito ay isang kwantitatibong pag-aaral. Pinili ng mga mananaliksik ang Descriptive Survey Research Design na gumagamit ng talatanungan upang makalikom ng mga datos tungkol sa pananaw ng mga guro sa pagbabago ng kurikulum. Sa pamamagitan ng disenyong ito, mapapadali ang pangangalap ng datos mula sa maraming kalahok.

1.2 Kalahok ng pag-aaral

Ang pag-aaral na ito ay batay sa pananaw ng mga guro sa pagbabago ng kurikulum. Sa kabuuang 30 na mga guro mula sa Elementarya at Sekundarya ang layon nitong suriin. Ang mga kalahok ay pinili sa pamamagitan ng random sampling.

Ang mga kalahok ay hiningan ng pahintulot bago sila kunan ng anumang datos o impormasyon. Ito ay upang tiyakin na sila ay may kaalaman at pumapayag sa paggamit ng kanilang impormasyon para sa layunin ng pananaliksik. Ang Ang mga kalahok ay may karapatan na tumanggi o magbawi ng kanilang pahintulot sa anumang punto ng pananaliksik. Ang kanilang pahintulot ay magiging bahagi ng dokumentasyon ng pananaliksik at mahigpit na irerespeto at susudin sa buong panahon ng pag-aaral.

1.3 Instrumento

Ang instrumentong ginamit sa pagkuha ng mga kakailanganing datos sa pag-aaral ay naglalaman ng 20 katanungan na kung saan ang 11 tanong ay mula sa binuong talatanungan nina Kayır at Toraman (2021) na tinatawag na Curriculum Changes Perceptions Scale na nahahati sa dalawang sub-dimensions: Resistance to Implementation of Curriculum Changes (RICC) at Effect of Curriculum Changes on Teaching-Learning Environment (ECCTLE) na mayroong 0.89 na Reliability index. Ang 9 na katanungan naman ay mula sa pinaunlad na instrumento ni Cheng (2019) na hinango mula sa instrumentong ginamit ni Mertler (2011) sa kanyang pag-aaral na mayroong 0.76 na Reliability index. Ang 20 na katanungan ay hinati ng mga mananaliksik sa dalawang dimensyon: Kahandaan ng mga guro at Epekto sa kapaligiran ng pag-aaral.

1.4 Lugar ng Pag-aaral

Ang pag-aaral na ito ay naglalayong isagawa sa mga paaralan sa lungsod ng Zamboanga partikular sa mga paaralang elementarya at sekundarya.

VI. RESULTA AT TALAKAYAN

Ang bahaging ito ay naglalaman ng pagtalakay, pagsusuri, at interpretasyon ng mga datos na nakalap ng mga mananaliksik upang matukoy at masagot ang mga layuning tinukoy sa pag-aaral. Ang mga datos na may istatistikal na katangian ay ipinakita sa mga talahanayan at sa tekstwal na paraan, at ang pagtalakay ay inayos ayon sa pagkakasunod-sunod ng mga isyung tinukoy.

Ang mga sumusunod ay ang mga resulta na sumasagot sa bawat layunin ng pag-aaral:

1. Ano ang pananaw ng mga guro sa pagpapatupad ng Matatag na Kurikulum?

TALAHANAYAN 1

Pananaw ng mga guro sa pagpapatupad ng MATATAG KURIKULUM

| | MEAN | Adjectival Interpretation |
|---|------|---------------------------|
| Antas ng pananaw ng mga guro sa pagpapatupad ng MATATAG KURIKULUM | 3.33 | Di-gaanong sumasang-ayon |

Legend: 1-1.8=Lubos na di-sumasang-ayon 3.41-4.20=Sumasang-ayon
 1.81-2.6=Di-sumasang-ayon 4.21-5.0=Lubos na sumasang-ayon
 2.61-3.40=Di-gaanong sumasang-ayon

Ang Talahanayan 1 ay nagpapakita ng kabuuang *Mean* na 3.33, ito ay nagpapahiwatig na ang antas ng pananaw ng mga guro ay hindi gaanong sumasang-ayon sa pagpapatupad ng bagong kurikulum. Ibig sabihin ang pananaw ng mga guro sa pagpapatupad ng Matatag Kurikulum ay nananatili sa yugto ng pagpili.

Ang kinalabasang resulta ay sinasang-ayunan ng pag-aaral nina Hidayah et al. (2022) na kung saan ipinipakita sa kanilang pangkalahatang resulta na ang antas ng persepsyon ng mga guro tungkol sa pagbabago ng kurikulum ay pinangungunahan ng yugto ng pagpili, na kinabibilangan ng organisasyon at pagsusuri ng kurikulum. Pagkatapos, ang bahagi ng persepsyon ng mga guro ay nasa yugto ng interpretasyon, partikular sa aspeto ng layunin ng kurikulum.

2. Ano ang pananaw ng mga guro sa pagpapatupad ng Matatag na kurikulum batay sa:
 - a. Kahandaan ng mga guro
 - b. Epekto sa kapaligiran ng pag-aaral

TALAHANAYAN 2

Pananaw ng mga guro sa pagpapatupad ng MATATAG KURIKULUM batay sa:

| | MEAN | Adjectival Interpretation |
|-----------------------|------|---------------------------|
| Kahandaan ng mga guro | 3.33 | Di-gaanong sumasang-ayon |

Legend: 1-1.8=Lubos na di-sumasang-ayon 3.41-4.20=Sumasang-ayon
 1.81-2.6=Di-sumasang-ayon 4.21-5.0=Lubos na sumasang-ayon
 2.61-3.40=Di-gaanong sumasang-ayon

Matutunghayan sa talahanayan 2 ang resulta ng unang kategorya ng talatanungan patungkol sa pananaw ng mga guro sa pagpapatupad ng Matatag Kurikulum batay sa kahandaan. Batay sa resulta na M=3.33, ang mga guro ay hindi gaanong sumasang-ayon na sapat na ang kanilang kahandaan sa pagpapatupad ng Matatag Kurikulum dahil naniniwala sila na ang pagpapatupad ng pagbabago sa kurikulum ay isang mahirap na paraan.

Ang resultang ito ay napatunayan muli sa pag-aaral ni Zamasi (2024) patungkol sa “*Teachers’ Perceptions of Curriculum Changes*”. Natuklasan sa kaniyang pag-aaral na mahirap para sa mga guro na umangkop sa mga pagbabago ng kurikulum. Ito ay dahil sa kakulangan ng kahandaan ng mga guro para sa mga pagbabago mula sa nakaraang kurikulum.

TALAHANAYAN 3

Pananaw ng mga guro sa pagpapatupad ng MATATAG KURIKULUM batay sa:

| | MEAN | Adjectival Interpretation |
|------------------------------------|------|---------------------------|
| Epekto sa kapaligiran ng pag-aaral | 3.33 | Di-gaanong sumasang-ayon |

Legend: 1-1.8=Lubos na di-sumasang-ayon 3.41-4.20=Sumasang-ayon
 1.81-2.6=Di-sumasang-ayon 4.21-5.0=Lubos na sumasang-ayon
 2.61-3.40=Di-gaanong sumasang-ayon

Sa Talahanayan 3, ipinakikita ang resultang *mean score* na 3.33 o “Di-gaanong sumasang-ayon” na nagsisiwalat na ang mga guro ay may bahagyang positibong pananaw, ngunit hindi lubos na kumbinsido sa magiging epekto ng pagpapatupad ng Matatag Kurikulum sa kapaligiran ng pag-aaral. May mga aspeto rin na hindi nila lubos na sinasang-ayunan o maaaring kulang sa suporta o epektibong implementasyon.

Napatunayan din sa isinagawang pag-aaral ni Flores (2005) na ang mga guro ay sumang-ayon sa mga “bagong” pagbabago sa kurikulum ng paaralan sa Portugal, ngunit naging kritikal sila sa paraan ng pagpapatupad nito sa mga paaralan. Ayon sa kanila, kulang sila sa napapanahong impormasyon, pagsasanay, at mga kinakailangang kagamitan upang maisakatuparan ang mga tungkulin at gawaing inaasahan mula sa kanila.

3. Mayroon bang makabuluhang pagkakaiba ang pananaw ng mga guro sa pagpapatupad ng Matatag na kurikulum batay sa:

- a. Kasarian
- b. Bilang ng taon sa serbisyo

TALAHANAYAN 4

Paghahambing sa Antas ng Pananaw ng mga guro sa pagpapatupad ng Matatag Kurikulum batay sa Kasarian

| | Kasarian | N | Mean Rank | P-value | Intepretasyon |
|------------------------------|----------|----|-----------|---------|--------------------------------|
| Antas ng Pananaw ng mga guro | Lalaki | 4 | 12.25 | 0.425 | Walang Makabuluhang Pagkakaiba |
| | Babae | 26 | 16.0 | | |

Matutunghayan sa talahanayan 4 na isinagawa ang *Mann-Whitney U test* upang ihambing ang Antas ng Pananaw ng mga lalaki at babaeng guro sa Pagpapatupad ng Matatag Kurikulum. Ang pagsusuring ito ay partikular na kapaki-pakinabang kapag hindi natutugunan ang mga pagpapalagay ng normalidad at uri ng datos para sa *independent sample t-test*.

Inilalahad ng resulta ng *Mann-Whitney U test* na walang makabuluhang pagkakaiba sa antas ng Pananaw ng mga lalaki at babaeng Guro. Nakakuha ng *p-value* na 0.425, na mas mataas kaysa sa karaniwang *alpha level* na 0.05. Ipinahihiwatig nito na ang kasarian ay hindi nagpapakita ng makabuluhang epekto sa pananaw ng mga guro sa pag-aaral na ito.

Ang kinalabasang resulta ay maiuugnay sa pag-aaral ni Aytac (2023). Ayon sa mga resulta ng pag-aaral, natuklasan na ang mga pananaw ng mga guro tungkol sa pagbabago ng kurikulum ay hindi gaanong nagkakaiba batay sa kasarian. Sa kontekstong ito, maaaring sabihin na ang salik na kasarian ay walang epekto sa pananaw ng mga guro tungkol sa pagbabago ng kurikulum. Katulad na resulta din ang lumabas sa pag-aaral nina Kayır at Toraman (2021) kung saan nabanggit niya na isa sa mga salik ang kasarian na hindi makabuluhan sa pag-aaral kaya't hindi nito naapektuhan ang kinalabasang resulta.

TALAHANAYAN 5

Paghahambing sa Antas ng Pananaw ng mga guro sa pagpapatupad ng Matatag Kurikulum batay sa Tagal sa Serbisyo

| | TaonSaSerbisyo | N | Mean Rank | P-value | Interpretasyon |
|------------|----------------|----|-----------|---------|--------------------------------|
| Antas ng | 1-5 na taon | 16 | 16.13 | 0.496 | Walang Makabuluhang Pagkakaiba |
| Pananaw ng | 6-10 na taon | 7 | 17.5 | | |
| mga guro | 11-15 na taon | 3 | 7.0 | | |
| | 16-20 na taon | 2 | 17.25 | | |
| | 21 pataas | 2 | 14.50 | | |

Ang talahanayan 5 ay nagpapakita ng Paggamit ng *Kruskal-Wallis Test*, isang di-parametrikong alternatibo sa *one-way ANOVA*, ay ginamit upang suriin kung may makabuluhang pagkakaiba sa estatistika sa Antas ng Pananaw ng mga Guro tungkol sa pagpapatupad ng Matatag Kurikulum batay sa bilang ng taon sa serbisyo. Ang pagsusulit na ito ay partikular na kapaki-pakinabang kapag ang mga inaasahan ng normalidad, uri ng datos, at "*homogeneity*" ng baryansa para sa *ANOVA* ay hindi natutugunan.

Ang nakuha na *p-value* na 0.496 ay mas mataas kaysa sa karaniwang antas ng kahalagahan na 0.05. Ipinapakita nito na ang mga obserbasyong pagkakaiba sa *mean ranks* sa iba't ibang grupo batay sa bilang ng taon sa serbisyo ay walang makabuluhang pagkakaiba. Ipinapahiwatig nito, na batay sa *dataset*, ang haba ng serbisyo ay walang makabuluhang epekto sa mga pananaw ng mga guro.

Ang kinalabasang resulta ay maiuugnay sa sinabi nina Kayır at Toraman (2021), na ang pananaw ng mga guro tungkol sa pagbabago ng kurikulum ay hindi nagkakaiba nang malaki ayon sa tagal sa serbisyo. Sa pagaaral na ito ay Isinasaalang-alang na ang propesyonal na karanasan at salik ng edad ay kadalasang magkaugnay. Ang resulta ng pag-aaral ay sinusupportahan ng naging pag-aaral ni Aytac (2023), na kung saan natukoy na ang pananaw ng mga guro tungkol sa mga pagbabago sa kurikulum ay hindi gaanong nagkakaiba batay sa kanilang tagal sa serbisyo. Sa aspetong ito, maaaring sabihin na ang variable ng "*professional seniority*" ay hindi isang salik sa pananaw ng mga guro hinggil sa pagbabago ng kurikulum.

VII. KONKLUSYON

Mula sa mga pagsusuri at pag-aanalisa ng mga datos ukol sa pananaw ng mga guro sa pagbabago ng kurikulum, ang mga sumusunod na kinalabasan ay inilalahad.

Batay sa unang layunin, sa pangkalahatang resulta ng pag-aaral natuklasan na ang antas ng pananaw ng mga guro ay nasa ilalim lamang ng bahagyang pagsang-ayon sa pagpapatupad ng bagong kurikulum. Inilalahad na maaaring mayroon silang pag-aalinlangan o hindi pa sapat ang kanilang tiwala sa kabuuang disensyo ng kurikulum. Posible rin na hindi pa nila lubos na nauunawaan ang mga layunin at benepisyo ng bagong kurikulum, o may mga hamon silang nararanasan kaugnay ng pagsasanay, gamit, o suporta sa pagpapatupad nito.

Sa konteksto ng pangalawang layunin, kung ano ang pananaw ng mga guro sa pagpapatupad ng Matatag Kurikulum batay sa kahandaan at epekto sa kapaligiran ng pag-aaral natuklasan na ang mga guro ay hindi gaanong sumasang-ayon na sapat na ang kanilang kahandaan sa pagpapatupad ng bagong kurikulum dahil bukod sa isang mahirap itong proseso, maaaring nakikita nila ang pagbabago bilang isang malaking hamon na nangangailangan ng masusing pagpapalano, karagdagan oras, at sapat na suporta mula sa pamahalaan. Gayundin sa epekto sa kapaligiran ng pag-aaral, ang mga guro ay may bahagyang pagsang-ayon ukol rito, kasabay ng pag-aalala sa mga hamon tulad ng kawalan ng sapat na suporta, kahandaan ng mga mag-aaral, at epekto nito sa kalidad ng pagtuturo at pagkatuto.

Sa konteksto ng panghuling layunin, kung mayroong makabuluhang pagkakaiba sa pananaw ng mga guro batay sa kanilang kasarian at tagal sa serbisyo, natuklasan na walang makabuluhang epekto o pagkakaiba ang kasarian ng mga guro sa kanilang pananaw sa pagpapatupad ng Matatag Kurikulum. Parehong resulta rin ang natamo sa kanilang pananaw sa pagbabago ng kurikulum batay sa kanilang tagal sa serbisyo. Natuklasan na ang tagal ng paninilbihan ng mga guro ay hindi nakaapekto sa kinalabasang resulta.

Ang naging konklusyon ng pag-aaral na ito ay binibigyang linaw ng teorya ng "self-efficacy" ni Bandura (1977) sa ugnayan sa pananaw ng mga guro at ng kanilang kahandaan sa pagtanggap at pagpapatupad ng bagong kurikulum. Ang pagpapataas ng self-efficacy ng mga guro, tulad ng pagbibigay ng mas maayos na pagsasanay at suporta, ay maaaring maging susi upang mapabuti ang kanilang pananaw at pagtanggap sa mga pagbabagong nais gawin sa Kurikulum.

Sinusupportahan din ito ng Teoryang Constructivism ni Piaget (1964). Ayon sa teorya, ang pagkatuto ay nagaganap kapag ang indibidwal ay nagkakaroon ng makabuluhang interaksyon sa bagong kaalaman. Sa madaling salita, ang Constructivism ay nagpapahiwatig na ang pananaw ng mga guro sa bagong kurikulum ay maaaring mapabuti kung sila ay aktibong kalahok sa proseso ng pagpapalano, pagsasanay, at pagsusuri ng kurikulum. Ang paglikha ng mga oportunidad para sa collaborative learning at hands-on na pagsasanay ay maaaring magbigaydaan sa mas mataas na antas ng tiwala at pagsang-ayon sa pagbabagong ipapatupad.

VIII. REKOMENDASYON

Kaugnay sa resulta ng ginawang pananaliksik, buong pagpapakumbabang iminumungkahi ng mga mananaliksik ang sumusunod: (a) Alamin at Pag-aralang lubos ang layunin at hangarin ng Matatag Kurikulum sa pagpapabuti ng kalidad ng edukasyon. (b) iminumungkahi rin ng mga mananaliksik na alamin ang pananaw ng mga guro sa mga hamon ng pagbabago ng Kurikulum pagdating sa pasilidad at kagamitan sa pagtuturo. (c) Iminumungkahi ring palawakin ang sakop ng pag-aaral sa pamamagitan ng pagdaragdag at pag-iiba ng mga kalahok at baryabol ng pag-aaral tulad ng, kung may kinalaman ba ang uri ng asignaturang itinuturo ng isang guro sa kaniyang pananaw sa pagbabago ng Kurikulum upang mas mapalawak at malaman ang pagkakaiba ng mga pananaw nila mula sa mga kalahok sa pananaliksik na ito. (d) Mahalaga ang mga natuklasan sa pananaliksik na ito para sa mga mananaliksik na nagtatrabaho sa kaugnay na larangan. Sa ganitong mga kaso, maaaring idisenyo ang mga modelong pananaliksik na kwalitatibo upang masuri ang dahilan ng isyu nang husto. Maaari ring magbigay ang mga resulta ng pag-aaral na ito ng iba't ibang impormasyon sa mga nagpapakatako ng patakaran, partikular sa mga opisyal ng ministri o Ministri ng edukasyon. Ang mga opisyal ng ministri ay maaaring maghanda ng pagsasanay para sa mga guro tungkol sa nagbabagong kurikulum ayon sa mga resulta ng mga pag-aaral. € mas mainam na pantay ang bilang ng mga kalahok mula sa kababaihan at kalalakihan sa pagsasagawa ng pag-aaral. (f) Kung gagamitin ng mga mananaliksik sa hinaharap ang instrumentong ginamit sa pag-aaral na ito bilang sanggunian para sa kanilang pag-aaral, tiyaking magsagawa ng pilot testing bilang pagpapatunay na magiging epektibo ang pangangalap ng datos. (g) Ang mga mananaliksik sa hinaharap ay mas mainam na magsagawa ng kwalitatibong pananaliksik upang mas mailahad ang pananaw ng mga guro sa pagbabago ng Kurikulum.

SANGGUNIAN

- [1] Alhamuddin, A. et al. (2020). *Competence of Islamic Higher Education Graduates from the Perspectives of Stakeholders in the Era of Industrial Revolution 4.0*. Advances in Social Science, Education and Humanities Research, Vol. 409 <https://www.atlantispublishing.com/proceedings/sores-19/125935279>
- [2] Hagos, L. C., & Dejarme, E. G. (2008). *Enhancing curriculum in Philippine schools in response to global community challenges*. Research Online. Retrieved from <https://ro.ecu.edu.au/ceducom/21/>
- [3] Estrellado, C. (2023). *MATATAG Curriculum: Why Curriculum [must] Change?* Journal of Interdisciplinary Perspectives, 2(1), Page 6–10. <https://doi.org/10.5281/zenodo.10336930>
- [4] Saavedra, A. (2020). [An exploration on the expressive skills among elementary-grade learners: A bedrock for the development t of computer-assisted teaching strategies](#). *Turkish Journal of Computer and Mathematics Education (TURCOMAT)* 11 (3)
- [5] Saavedra, A. & Karanain, F. (2022). [Learners' beliefs and use of chavacano as medium of instruction](#). *Journal of Language and Linguistics* 10 (1), 40-46
- [6] Escudero, R. (2023). *Transformational journey of learners through MATATAG curriculum*. Philippine Information Agency. <https://pia.gov.ph/features/2023/11/07/transformational-journey-of-learners-throughmatatag-curriculum>
- [7] Handal, B., Herrington, A. (2003). Mathematics teacher's belief and curriculum reform. *Math Ed Res* J15, 59-69. <https://doi.org/10.1007/BF03217369>
- [8] Tanrıverdi, B., & Apak, Ö. (2014). *Pre-service Teachers' Beliefs about Curriculum Orientations*. *Procedia – Social and Behavioral Sciences*, 116, 842–848. Retrieved from <https://doi.org/10.1016/j.sbspro.2014.01.308>
- [9] APA PsycNet. (n.d.). Retrieved from <https://psycnet.apa.org/record/2010-05458-002>
- [10] Piaget, J. (1964). Part I: Cognitive development in children: Piaget development and learning. *Journal Research in Science Teaching*, 2(3), 176–186. <https://doi.org/10.1002/tea.3660020306>
- [11] McMillan, J. H., & Schumacher, S. (2006). *Research in education Evidence-based inquiry* (6th ed.). Boston, MA Allyn and Bacon. –
References – Scientific Research Publishing. (n.d.). Retrieved from <https://www.scirp.org/reference/ReferencesPapers?ReferenceID=462991>
- [12] Lovat, T. J., & Smith, D. L. (2003). *Curriculum Action and reflection revised*. Wentworth Falls Social Science Press. – References – Scientific Research Publishing. (n.d.). Retrieved from <https://www.scirp.org/reference/referencespapers?referenceid=1055720>

- [13] Kessler-Hopek, Tiffany,(2019). “Curriculum Change: A Study on Teacher Perceptions of Curriculum Change on Content Standards” Theses and Dissertations. 318. https://csuepress.columbusstate.edu/theses_dissertations/318
- [14] Saavedra, A., Alejandro, WD., & Espinosa, R. (2022). [Self-perceived Research Competence among Social Sciences Students: An Investigative Survey during the COVID-19 Pandemic](#).*International Journal of Health Sciences*, 4211-4221
- [15] Chen, W.J. and Cheng, H.Y. (2012). *Factors affecting the knowledge sharing Attitude of hotel service Personnel*. *International Journal of Hospitality Management*, 31, 468-476. – References – Scientific Research Publishing. (n.d.). Retrieved from <https://www.scirp.org/reference/referencespapers?referenceid=2374841>
- [16] Khuluqo, I. et al. (2020). *The development of Classroom climate study in Indonesia* (a Historical perspective). *Talent Development and Excellence*, 12 (1). Pp. 406-414. <http://repository.uhamka.ac.id/id/eprint/981/>
- [17] Kirk, D., & MacDonald, D. (2001). *Teacher Voice and Ownership of Curriculum Change*. *Journal of Curriculum Studies*, 33, 551-561. – References – Scientific Research Publishing. (n.d.). Retrieved from <https://www.scirp.org/reference/referencespapers?referenceid=1658819>
- [18] Little, J. W. (1993). *Teachers’ Professional Development in a Climate of Educational Reform*. *Educational Evaluation and Policy Analysis*, 15, 129-151. – References – Scientific Research Publishing. (n.d.). Retrieved from <https://www.scirp.org/reference/referencespapers?referenceid=1950428>
- [19] Spillane, J. P., & Zeuli, J. S. (1999). *Reform and Teaching: Exploring patterns of practice in the context of national and state mathematics reforms*. Retrieved from <https://eric.ed.gov/?id=EJ592460>
- [20] Guzman, M. J., Paraton, D. D., Portilla, J., & Vallespin, M. R. (2023). *Assessing Filipino Perceptions of the revised K to 10: Curriculum: A Comparative study between teachers*, ResearchGate. Retrieved from <https://doi.org/10.13140/RG.2.2.22750.82244>
- [21] Saavedra, A. (2020). [An exploration on the expressive skills among elementary-grade learners: A bedrock for the development t of computer-assisted teaching strategies](#). *Turkish Journal of Computer and Mathematics Education (TURCOMAT)* 11 (3)
- [22] Aytac, A. (2023). *A Study on Teachers’ Perceptions of Curriculum Changes*. *International Journal of Innovative Approaches in Education* 2023, Vol. 7 (1), 28-41 <https://doi.org/10.29329/ijiape.2023.540.3>
- [23] Kayir, G., & Toraman, Ç. (n.d.). *Development of curriculum changes Perception scale and teachers’ perceptions of curriculum changes*. Retrieved from <https://eric.ed.gov/?id=EJ1301531>
- [24] Saavedra, A. (2018). [Technology engagement and writing skill: an analysis among elementary-grade filipino learners](#). *Webology* (ISSN: 1735-188X) 15 (1)
- [25] Hidayah, R. et al. (2022). *Elementary School Teacher Perception of Curriculum Changes in Indonesia*. *Pegem Journal of Education and Instruction*, Vol. 12, No. 2, 2022, 77-88. <https://doi.org/10.47750/pegegog.12.02.07>
- [26] Zamasi, E. (2024). *Teachers’ Perceptions of Curriculum Changes*. *Jurnal Bintang Pendidikan dan Bahasa* Vol. 2, No. 2 April 2024 eISSN: 2962-8687; p-ISSN: 2962-8717 Hal 51-56 DOI: <https://doi.org/10.59024/bhinneka.v22.698>
- [27] Flores, M. (2005). *Teachers’ views on recent curriculum changes: tensions and challenges*. *The Curriculum Journal*, Vol. 16, No. 3, September 2005, pp. 401–413 <https://doi.org/10.1080/09585170500256479>